
2

# Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Panuntunang Pangkaligtasan sa Tahanan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Health – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat Markahan – Modyul 6:** Nakasusunod sa panuntunang pangkaligtasan sa tahanan. (**H2IS-IVg-17)**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat** : May Bernadeth R. Cuzon
**Editor** : Amelia F. Bulaong
**Tagasuri** : Jocelyn DR. Canlas
Neil Omar B. Gamos
**Tagaguhit** : Mary Rose G. Ga
**Tagalapat** : Melissa M. Santiago

**Tagapamahala** Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V
Librada M. Rubio, PhD
Ma. Editha R. Caparas, EdD
Nestor P. Nuesca, EdD
Marie Ann Ligsay, PhD
Engelbert Agunday, PhD
Fatima M. Punongbayan
Arnelia R. Trajano, PhD
Salvador B. Lozano

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Panuntunang Pangkaligtasan sa Tahanan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Health 2** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Panuntunang Pangkaligtasan sa Tahanan!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Health 2** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol **Panuntunang Pangkaligtasan sa Tahanan!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Nakasusunod sa mga panuntunang pangkaligtasan sa loob ng tahanan.(H2IS-IVg-17)

## *Subukin*

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Gumamit ng *Clorox* ang iyong ina, pagkatapos maglaba ay nakita mong naiwan niya ito sa labas ng banyo malapit sa laruan ng iyong nakababatang kapatid. Ano ang iyong gagawin?
   a. Hindi ko na lang ito papansinin.
   b. Ilalagay ko ito sa taguan upang di mapaglaruan ng aking kapatid.
   c. Uutusan ko ang aking nakababatang kapatid na siya na ang magtago nito.

2. Tapos ng gumamit ng *phone charger* ang iyong kuya , iniwan niya lang itong nakasaksak. Ano ang iyong gagawin?
   a. Bubunutin ko na ito at itatabi para makaiwas sa aksidente.
   b. Isusumbong ko si kuya kay nanay para mapalo ito.
   c. Hahayaan ko lang itong nakasaksak.

3. Nakita mo ang iyong ama na naninigarilyo malapit sa lutuan. Ano ang iyong gagawin?
   a. Sasabihan ko po si tatay na bawal po manigarilyo malapit sa lutuan.
   b. Hindi ko po ito papansinin.
   c. Tatawagin ko si Nanay para sigawan si tatay.

4. Naglalaro ang iyong mga pinsan ng posporo at may hawak pa ang mga ito ng nilukot na mga papel . ano ang iyong gagawin?
   a. Sasali ako sa kanilang laro.
   b. Sasabihan ko sila na huwag laruin ang posporo.
   c. Paalisin ko sila sa bahay.


5. Napansin mong ang iba sa inyong mga de lata ay *expired* na. Ano ang gagawin mo?
   a. Sasabihin ko po agad ito kay nanay upang di na po ito maihain.
   b. Ibibigay ko ito sa aking kapatid
   c. Ipapamigay ko po ito sa aming mga kapitbahay.

# Aralin 1 Tuntuning Pangkaligtasan sa Tahanan

Ang tuntunin ay hindi lamang para sa paaralan o mga pampublikong lugar, ito ay nagsisimula sa tahanan. Sa loob ng tahanan ang mga magulang ang nagpapaalala sa atin ng mga tuntunin na dapat sundin upang maging ligtas sa lahat ng oras. Sa araling ito ay matutunan natin ang ilan sa mga ito.

## *Balikan*


Panuto: Lagyan ng (✔) tsek ang larawan na nagpapakita ng tamang panuntunan sa paghawak ng pantahanang kemikal. Isulat ito sa iyong kwaderno.

1. 

2. 


3. 

4. 


5. 


.

*Mga Tala para sa Guro*

Sa modyul na ito, matutunan ng mga mag - aaral ang mga tuntuning pangkaligtasan sa loob ng tahanan.

## Tuklasin

Panuto: Pakinggang mabuti ang kuwento ng magkaibigan at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

### Panuto Para Matuto

ni: May Bernadeth R. Cuzon

Bawat ina't ama sa tahanan ay nagbibigay ng panuto
Lahat ay dapat sundin para matuto
Pamilya at trabaho nagawang pagsabayin
Iba-iba man ang ugali nagawa kaming pag-isahin

Laging iniisip aming kabutihan
Bawat paalala hindi dapat kalimutan
Gawin mo to!..Huwag mong gawin yan!
Diretso lang, ang panuto sa tamang daan

Lahat sila gusto tayong mapabuti
Sundin ng sa huli di tayo magsisi
Ako, Ikaw, Tayo laging tandaan
Na ang panuto ay ginawa para hindi tayo masaktan.

1. Ano ang dapat nating sundin?
2. Sino ang karaniwang nagbibigay ng panuto?
3. Ano ang kahalagahan at kabutihang maidudulot ng pagsunod sa panuto?

# Suriin

Mayroon tayong ibat-ibang panuntunan sa loob ng ating mga tahanan. Ang ating mga magulang ang siyang nagtatakda nito upang magkaraoon ng kaayusan at kapayapaan ang tahanan. Hindi lamang panuntunan sa kalinisan, kapayapaan at paghahati- hati ng mga gawain ang ating dapat bigyan-pansin kundi maging ang mga panuntunang pangkaligtasan din.

Narito ang ilan sa mga umiiral na panuntunang pangkaligtasan sa mga tahanan:

1. Maglaan ng lugar o lalagyan para sa mga kasangkapan sa bahay, hindi dapat nakahalo ang mga pantahang kemikal sa mga lalagyan ng pagkain at iba pang kagamitan.
2. Magpaalam sa mga nakatatanda o magpatulong kung ikaw ay gagamit ng mga produktong may kemikal. Magsuot ng guwantes sa kamay at proteksyon sa mata, ilong, at bibig.
3. Gamitin ng buong ingat ang mga kasangkapang de-kuryente at matatalim, isauli ito ng maayos sa tamang lagayan pagkatapos gamitin.
4. Huwag kalimutang basahin ang mga tagubilin sa paggamit ng mga nasabing produkto at ituon ang buong atensyon sa iyong ginagawa.
5. Maghugas mabuti ng iyong kamay bago at pagkatapos gumamit ng mga produktong kemikal.

## Pagyamanin

Panuto: I sulat ang salitang Tama kapag ang ipinapahayag ng sitwasyon ay wasto at Mali naman kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

____ 1. Masaya ang pag-gawa ng mga trabahong bahay kailangan lang nito ng ibayong pag-iingat.
____ 2. Ilagay ang mga kasangkapang magkaka-uri sa isang lalagyan upang madaling hanapin ang mga ito.
____ 3. Gumamit ng guwantes at proteksyon sa mata, ilong, at bibig tuwing gagamit ng mga kemikal na panlinis.
____ 4. Hindi na kailangang magpaalam sa nakatatanda kung may gagamiting kasangkapang hindi mo pa alam gamitin.
____ 5. Siguraduhing tuyo ang iyong mga kamay kung gagamit ng mga kasangkapang de-kuryente.
____ 6. Pulutin ang mga nahulog o nakakalat na mga bagay sa sahig tulad ng holen upang maiwasan ang aksidente.
____ 7. Ilagay lamang sa lapag ang mga kasangkapang tapos mo ng gamitin.
____ 8. Gabayan ang iyong nakababatang kapatid sa kanyang pag-lalaro upang makaiwas sa aksidente.
____ 9. Hayaan lamang na nakabingit ang mga basong gamit sa mesa.
____ 10. Sundin ang payo at paalala ng iyong magulang.

## *Isaisip*

Panuto: Kumpletuhin ang pahayag. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

Ang panuntunan sa loob ng tahanan ay dapat __________________ upang tayo ay magkaroon ng masaya, payapa at ligtas na pamilya.

## *Isagawa*

Panuto: Gumuhit ng hugis bahay sa iyong kuwaderno magsulat ng tatlong panuntunang pangkaligtasan ang mayroon kayo sa inyong tahanan.

1. ________________________________

2. ________________________________

3. ________________________________

## *Tayahin*

Panuto: Isulat sa patlang ang nawawalang salita. Piliin ito sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| kamay | atensyon | lalagyan |
| gripo | ingat | guwantes |

1. Maglaan ng ______________ para sa mga kasangkapan sa bahay.
2. Magsuot ng _______________ sa kamay at proteksyon sa mata ilong at bibig.
3. Gamitin ng buong __________ ang mga kasangkapang de-kuryente at matatalim.
4. Ituon ang buong _______________ sa iyong ginagawa.
5. Maghugas mabuti ng iyong ___________________bago at pagkatapos gumamit ng mga produktong kemikal.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gumawa ng maikling tula kaugnay ng tamang pagsunod sa panuntunang pangtahanan. Isulat ito sa iyong kuwaderno.



# Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN
1.B
2.A
3.A
4.B
5.A

BALIKAN
1./
2./
3./
4./
5.X

TUKLASIN
GURO ANG MAGWAWASTO

PAGYAMANIN
1.TAMA
2.TAMA
3.TAMA
4.MALI
5.TAMA
6.TAMA
7.MALI
8.TAMA
9.MALI
10.TAMA

ISAISIP
SUNDIN
ISAGAWA
GURO ANG MAGWAWASTO

TAYAHIN
1.LALAGYAN
2.GWANTES
3.INGAT
4.ATENSYON
5.KAMAY

KARAGDAGANG GAWAIN
GURO ANG MAGWAWASTO

# Sanggunian


"DepEd Click." Accessed April 12, 2020. https://www.facebook.com/depedclick/posts/611330602807133.

"Grade 2 LM." k12resources, July 3, 2014. https://k12resources.wordpress.com/k12-learning-materials/grade-2-lm/.

"MELCs per SUBJECT (SY 2020-2021)," May 26, 2020. https://www.deped-click.com/2020/05/melcs-per-subject-sy-2020-2021.html.

"Mga Pantahanang Kemikal Na Emergency." Mga Pantahanang Kemikal na Emergency | Ready.gov. Accessed July 25, 2020. https://www.ready.gov/tl/node/5172.

rajnulada Follow. "10 Karapatan Ng Bawat Batang Pilipino." SlideShare, September 9, 2011. https://www.slideshare.net/rajnulada/10-karapatan-ng-bawat-batang-pilipino.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph